

Seattle Fire Prevention Division

220 3rd Avenue S.

Seattle, WA 98104-2608

Email: permits@seattle.gov



Kailangan ang Certificate of Occupancy sa Pahintulot para sa Bagong Lugar ng Pagtitipon

Ang Certificate of Occupancy (C of O) ay mahalagang bahagi ng proseso ng pagsusuri ng pahintulot para sa pagbibigay ng pahintulot sa pagtitipon. Isang dokumento ang Certificate of Occupancy na ibinibigay ng Seattle Department of Construction and Inspections (SDCI), na dating Department of Planning ang Development (DPD). Pinatutunuyan nito na sumusunod ang gusali sa naaangkop na mga building code at iba pang batas, na nagpapahiwatig na angkop ang kondisyon ng gusali sa pag-okupa. Naglalaman din ang C of O ng impormasyon tungkol sa dami ng ookupa.

Aling Aplikasyon para Pahintulot ng SFD ang Nangangailangan ng Certificate of Occupancy? Dapat na isama ang kopya ng C of O sa mga aplikasyon para sa sumusunod na mga uri ng pahintulot:

Serye ng 2501: Lugar ng pagtitipon, mga non-profit

Serye ng 2502: Lugar ng pagtitipon, 100-999 ang dami ng ookupa

Serye ng 2504: Lugar ng pagtitipon, 1,000+ ang dami ng ookupa

Saan Ako Makakakuha ng Kopya ng Dokumentong Certificate of Occupancy? Maaaring maghanap at mag-print online ng mga rekord mula sa kamakailang mga taon sa <http://web6.seattle.gov/dpd/edms/>. Maaaring hanapin ng mga aplikante ang lahat ng available na rekord ng gusali sa SDCI Microfilm Library, sa ika-20 palapag ng Seattle Municipal Tower sa 700 Fifth Ave., (206) 233-5180. **Tandaan:** Maaaring maging hamon ang historikal na paghahanap dahil malaki ang ipinagbago ng mga building code occupancy sa paglipas ng panahon. Unang kinailangan sa Seattle ang mga C of O noong 1956. Ibig sabihin, hindi magkakaroon ng anumang rekord ng C of O sa SDCI ang mas matatandang gusali. Sa mga kasong ito, maaaring kailanganing magpasimula ang mga kostumer ng bagong proseso sa SDCI para magbigay ng C of O. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga C of O, tumawag sa SDCI Inspection Services sa (206) 684-8950. Tingnan din ang information sheet #120 ng SDCI sa Pagkuha ng Certificate of Occupancy: <http://www.seattle.gov/DPD/Publications/CAM/cam120.pdf>.

Paano Ko Dapat Isumite ang Dokumentong Certificate of Occupancy sa SFD? Dapat na isumite ang certificate sa pamamagitan ng email (mas gusto) sa permits@seattle.gov kalakip ng iyong mga materyales sa aplikasyon. Ang mga aplikasyon para sa pahintulot ay makukuha sa aming website sa <http://www.seattle.gov/fire/business-services/permits>.

Nagbibigay ba ng Tulong ang Seattle Fire Department? Oo. Makakapagbigay ang pangkat namin ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon para sa pahintulot at makakapagbigay ng gabay ang aming mga tagasuri sa pagsunod na mas espesipiko sa kodigo kung kinakailangan. Kung kailangan mo ng tulong sa pahintulot para sa bagong lugar ng pagtitipon, tumawag sa aming tanggapan sa (206) 386-1450 at hilinging makausap ang miyembro ng Permit Team o ng Compliance Unit. **Pinakamabuting idirekta ang mga tanong tungkol sa Certificate of Occupancy sa Seattle Department of Construction and Inspections** sa (206) 684-8950 dahil ibinibigay nila at pinananatili ang mga rekord na ito.